JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuson


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan - Modyul 2:
## Yakapin Mo Ako!!!



Pangalan: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



# Alamin

Mabuhay kayo mga mag- aaral. Tayo'y lalakbay sa bagong aralin. Ang module na ito ay inihanda para sa inyo.Pagkatapos lakbayin, inaasahan ang :

Pagpapakita ng pagkamahinahon sa pagtanggap ng puna ng kapuwa nang maluwag sa kalooban. ( **ESP4P- IIa- c- 18** )

Tara mga bata gawin natin ito:

1. Kumuha ng isang buong malinis na papel at itupi ito ng sampu na parang pamaypay. Isulat ang iyong pangalan sa unang tupi.
2. Sa sumusunod na mga tupi, isulat ang pangalan ng pamilya na nasa loob ng bahay.
3. Ilarawan ang pisikal na anyo at ugali ng mga pangalan na nakasulat sa bawat tupi ng papel.
4. Isulat ang magandang puna sa loob ng kahon at hindi magandang puna.

| Magandang Puna | Hindi Magandang Puna |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |

1. Saan mas maraming naitalang puna? Ano ang iyong nararamdaman?

| Modyul 5.2 | Pagtanggap ng Puna ng Kapuwa nang Maluwag sa Kaloobaan |
|---|---|



# Balikan

Panuto: Basahing mabuti ang bawat salita o pangkat ng mga salita. Lagyan ng tsek (/) ang bawat hanay sa masayang mukha 🙂 kung sa palagay mo ay nagpapakita ng paghingi ng paumanhin at sa malungkot 😟 na mukha kung hindi.

| Mga Salita | 🙂 | 😟 |
|---|---|---|
| 1. Patawarin mo ako | | |
| 2. Buti nga sayo | | |
| 3. Di ko kasalanan iyon | | |
| 4. Pasensya ka na | | |
| 5. Ikinalulungkot ko ang nangyari | | |



# Tuklasin

Nakakalugod ang inyong ginawa. Magaling! Sa puntong ito, ating palawakin ang bawat kaisipan tungkol sa mga puna ng kapuwa nang maluwag sa kalooban positibo o negatibo man ito.

Gawing gabay ang rubrics sa pagsulat ng talata;
Rubrics sa pagmamarka sa naisulat na talata`.

| Mga Batayan | Antas ng pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | Naipapahayag sa talata ang puna at mungkahi | Hindi masyadong naipahayag ang puna at mungkahi | Malayo sa paksa ang naisulat na talata |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkasulat ng talata. Nagkakasunod – sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon | Maayos ang pagkasulat, may panimula at konklusyon | Hindi maayos ang pagkasulat ng talata. Walang panimula, katawan at konklusyon. |

Panuto: Sumulat ng isang maikling talata tungkol sa magagandang puna na napapansin mo sa iyong kapuwa.



# Suriin

Likas sa tao ang magbigay ng puna o papuri sa kilos, ugali,at pisikal na anyo ng kanyang kapuwa. May mga pagkakataong hindi nating namamalayan na nakasasakit na tayo ng damdamin ng ating kapuwa dahil sa mga ibinibigay nating puna at pintas.

Ang sumusunod na pamamaraan ay makakatulong sa iyo upang higit na mapamahalaan mo ang iyong sarili at makamit ang layunin sa buhay:

- Pakinggan ang sinasabi ng kapuwa mo, subalit timbangin mo kung ano ang magiging bunga, kung ito ay iyong susundin o hindi.

- Magkaroon ng positibong pananaw sa mga bagay na nangyayari sa iyo at sa iyong paligid.
- Alamin kung ano-ano ang nais mo sa buhay at dito ituon ang iyong pansin.
- Gawing inspirasyon sa iyong ginagawa ang iyong pamilya mga kaibigan, at higit sa lahat, magkaroon ng matibay na paniniwala sa Diyos.
- Maging mabuting halimbawa sa iyong kapuwa sa pagbibigay ng puna at papuri.
- Sumali sa mga gawaing pampaaralan (extra-curricular activities) upang magkaroon ng maraming kaibigan at makakuha ng bagong impormasyon.
- Isipin lagi na ang papuri at puna ay makatutulong sa pagkilala natin sa ating sarili at upang magkaroon ng pagbabago at pag-unlad sa iyong mga ginagawa.

Sagutin ang mga tanong:
1. Paano mo tatanggapin ang mga puna nang maluwag sa iyong kalooban?
2. Paano mo haharapin ang mga pumupuna sa iyo?
3. Ano ang iyong gagawin kung may sumbong tungkol sa iyong malapit na kaibigan?
4. Paano mo pahahalagahan ang iyong kapuwa sa pagbibigay ng puna at papuri?
5. Kailan mo gagawing inspirasyon ang iyong pamilya, mga kaibigan at higit sa lahat ang Poong Maykapal?



## Pagyamanin

Patnubayang Gawain! Kapares ko

Panuto: Suriin ang mga larawan na nagpapakita ng Pagtanggap ng puna ng kapuwa nang maluwag sa kalooban sa hanay A at itambal ito sa hanay B na nagsasaad tungkol sa larawan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa papel.

| A | B |
| --- | --- |
| 1.  | a. pinagsabihan ng nakatatanda at nagalit |
| 2.  | b. nakikinig ang mga bata sa guro |
| 3.  | c. pinagsabihan at nakinig sa nanay |
| 4.  | d. Sinaway ng bata na huwag tanggalan ng saklay |
| 5.  | e. binigyan ng ale ang namamalimos na bata |



# Isaisip

Panuto: Basahing mabuti ang mga pangungusap. Punan ang patlang sa bawat pangungusap at hanapin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa papel.

MAHALIN BUKAL POSITIBO
IGALANG NEGATIBO

1. Ang _________ puna ay ginagawang pahayag na nagpapakita ng tamang gawa o saloobin.
2. _________ ang opinyon ng kapuwa maging positibo o negatibo man ito.
3. Tanggapin ang positibong puna ng _________ sa kalooban.
4. Ang _________ puna ay mga pahayag na hindi nagpapakita ng tamang gawa.



# Isagawa

Panuto: Gumuhit ng isang poster na nagpapakita ng magandang puna.

Rubrics sa pagmamarka sa pagguhit ng poster.

| Mga Batayan | Antas ng pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. kalinisan | Naiguguhit nang malinis at may kaayusan | Naiguguhit nang di gaanong malinis at kaayusan | Naiguguhit nang walang kalinisan at kaayusan |
| 2. kaugnayan | Naiguguhit batay sa paksa | Naiguguhit nang di gaanong naayon sa paksa | Naiguguhit nang walang katuturan o malayo sa paksa |



# Tayahin

Panuto: Basahin ang sumusunod na mga tanong at isulat lamang ang titik ng tamang sagot.

1. Pinuna ka ng nanay mo dahil nakikinig ka sa usapan ng mga nakakatanda. Paano mo ito tatanggapin?
   A. Hihingi ako ng paumanhin sa aking nanay
   B. Ipagpatuloy ko pa rin ang aking ginagawa
   C. Sisimangutan ko ang aking nanay
   D. Hindi ko siya papansinin
2. Binabatikos ka dahil sa isang pagkamali mo, paano mo haharapin ang mga pumupuna sa iyo?
   A. Kakausapin ko siya ng mahinahon at humingi ng paumanhin sa pagkakamaling ginawa.
   B. Hahamunin ko siya ng away
   C. Babatikusin ko rin siya
   D. Hindi ko siya papansinin
3. Pangarap mong maging modelo sa iyong paglaki kaya't sumasali ka sa mga paligsahan sa inyong paaralan at kumonidad, gayon pa man madalas mong marinig na may pumipintas, ano ang iyong gagawin?
   A. Pipintasan ko rin siya
   B. Aawayin ko sila
   C. Hindi ko sila papansinin
   D. Tanggapin ko ng maluwag sa aking kalooban ang mga pinsan nila at pagbutihin ko ang aking ginagawa
4. Madalas kang kumanta sapagkat hilig mo ito. Sinigawan ka ng inyong kapitbahay hindi raw maganda ang boses mo, ano ang iyong gagawin?
   A. Wala akong pakialam
   B. Hindi ko sila papansinin
   C. Mas lalo kong pagbubutihin ang aking pagkanta
   D. Aawayin ko sila
5. May bago kang kaklase galing sa malayong probinsiya. Nalaman mong pinipintasan ito ng mga kaklase mo, ano ang sasabihin mo sa kanila?
   A. Pagsasabihan ko ang aking mga kaklase na huwag siyang pintasan
   B. Gagayahin ko rin ang aking mga kaklase
   C. Hindi ko sila papansinin
   D. Wala akong pakialam



## Susi sa Pagwawasto

SURIIN: Posibleng Sagot

1. Pakinggang mabuti ang payo at intindihin ng bukal sa kalooban.
2. mahinahon sa pagsasalita at kakaibiganin sila.
3. Kausapin muna ang kaibigan tungol sa narinig at payuhan ito.
4. Ipakita mo na totoo lahat ang iyong sinabi at galing sa iyong puso
5. Mulat sapul sila rin ang aking inspirasyon.

TAYAHIN

1. A
2. A
3. D
4. C
5. A

ISAISIP

1. POSITIBO
2. IGALANG
3. BUKAL
4. NEGATIBO

PAGYAMANIN

1. C
2. E
3. D
4. B
5. A

BALIKAN



1.
2.
3.
4.
5.

## Sanggunian


Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 4 Kagamitan ng Mag-aaral*, DepEd-BLR, 2015, 87 – 97.

Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 4 Patnubay ng Guro*, DepEd-BLR, 2015, 51 – 55.



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Erlinda M. Ballesteros,TIII,Cabunbata Elementary School,Isabela CityDivision

**Editor:** Aida N. Sucuajil,MT I, Cabunbata Elementary School, Isabela City Division

**Tagasuri:** Yashier U. Susulan, PSDS West – 2

**Tagaguhit:** Era Claire E. Alib

**Tagalapat:** Flordeliz S. Patris, TI, Cabunbata Elementary School, Isabela City Division

**Tagapamahala:**

Julieto H. Fernandez, OIC-SDS
Maria Laarni T. Villanueva, OIC-ASDS
Eduardo G. Gulang, SGOD Chief
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Violeta M. Sta.Elena, EPS, ADM Module Coordinator

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.